Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-18 NG MAYO, 1998, LUNES, SA GANAP NA IKA-10:25 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NARCISO O. INFANTE.............. | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Ariel T. Magcalas................ | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexandwer T. Calupitan... | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon................ | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez.............. | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison................ | Kagawad |
| Kgg. Miguel M. Asinas................ | Kagawad |
| Kgg. Mario M. Mangahas............... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco............. | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Celestino D. Pamatmat........... | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villasenor........... | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 068-T'98

KAPASIYAHANG SINUSUSUGAN ANG KAPASIYAHAN BLG. 270-T'97 TUNGKOL SA PAGDARAGDAG NG HALAGA SA TINATANGGAP NA RATA (REPRESENTATION AND TRAVELLING ALLOWANCE) NI DR. MILO B. PEMPENGCO, RURAL HEALTH PHYSICIAN NG BAYANG ITO.

**SAPAGKA'T,** ayon sa Local Budget Circular (LBC) No. 59, hindi pinahihintulutang tmanggap ng RATA ang isang kawani ng pamahalaang nasyunal na nakatalagang maglingkod sa ilalim ng lokal na pamamahala at sa halip ay maaaring tumanggap ng Honorarium, ayon sa itinatadhana ng LBC No. 62;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon, Ariel T. Magcalas, Miguel M. Asinas at bernardo E. Ison at sa buong pagkakaisa at pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na susugan ang Kapasiyahan Blg. 270-T'97 na sa halip na maragdagan ang RATA na tinatanggap ni Dr. Milo B. Pempengco, Rural Health Physician mula sa pamahalaang nasyunal ay ipagkaloob na lamang ang honorarium na nagkakahalaga ng P800.00 bawa't buwan, ayon pa rin sa nasabing kautusan.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

NARCISO O. INFANTE
Pang. Punong Bayan/Tagapangulo

PINAGTIBAY:

ENRIQUE R. BAUTISTA
Punong Bayan